

UNITED STATES DISTRICT COURT, NORTHERN DISTRICT OF CALIFORNIA

**ABISO TUNGKOL SA CLASS ACTION,
IMINUMUNGKAHING SETTLEMENT, AT SETTLEMENT HEARING
(Sa Mga Aktibong Policyholder)**

Kung nag-enroll ka bilang Premier Financial Alliance, Inc. (“PFA”) associate at bumili ng Living Life o Living Life by Design indexed universal life insurance policy sa California, maaaring makaapekto sa iyong mga karapatan ang isang class action na demanda.

Mangyaring basahing mabuti ang Abisong ito.

Pinahintulutan ng isang pederal na hukuman ang Abisong ito. Ito ay hindi solicitation mula sa isang abogado

- **Mababasa mo ang abisong ito sa Chinese, Tagalog, Spanish, Vietnamese, at Nepali sa sumusunod na website: www.PFAsettlement.com.**
- Natukoy ka bilang potensyal na miyembro ng Class sa isang class action na demanda (ang “Demanda” o “Action”) na nakabinbin sa United States District Court for the Northern District of California, na kilala bilang *In re PFA Insurance Marketing Litigation*, No. 4:18-CV-03771-YGR.
- Kinasuhan ang PFA at LICS ng mga indibidwal na nag-enroll sa Premier Financial Alliance (“PFA”) at bumili, sa California, ng isang Living Life o Living Life by Design indexed universal life insurance policy, na inisyu ng Life Insurance Company of the Southwest (“LICS”) (isang “Living Life Policy”). Ipinararang nila na nilabag ng PFA at LICS ang Unfair Competition Law at Endless Chain Law ng California. Ipinasya ng Korte na maaaring magpatuloy ang mga claim bilang isang class action. Itinatangi ng PFA at LICS na nilabag nila ang batas o napinsala nila ang mga policyholder sa anumang paraan.
- Ang Abisong ito ay upang ipaalam sa iyo ang iminungkahing settlement ng Demanda (“ang Settlement”). Iniutos ng Korte na ipadala sa iyo ang Abisong ito dahil may karapatan kang malaman ang tungkol sa Settlement, at ang iyong mga karapatan at opsyon sa ilalim ng Settlement. Ipinaliliwanag ng Abisong ito ang Demanda, ang Settlement, ang iyong mga legal na karapatan, kung ano ang mga benepisyo sa settlement, sino ang karapat-dapat sa mga benepisyong iyon, at kung paano ka makakapag-claim ng pagbabayad.
- ***Kung ang iyong insurance policy ay may bisa, hindi binago ng Demanda ang mga tuntunin nito, at lahat ng garantiya sa kontrakta ay nananatili.***

**IYONG MGA LEGAL NA KARAPATAN AT OPSYON
SA SETTLEMENT NA ITO**

<p>WALANG GAGAWIN</p>	<p>Sa pamamagitan ng hindi paggawa ng anuman bilang tugon sa Abisong ito, kung ikaw ay miyembro ng Class (inilalarawan sa ibaba), mananatili ka sa Class at isinusuko mo ang karapatang magsampa ng sarili mong demanda laban sa PFA at LICS tungkol sa mga isyu sa Demanda na ito.</p>
<p>GUMAWA NG CLAIM</p>	<p>Kung inaprubahan ng Korte ang Settlement, at kung isa kang Class Member na bumili ng Class Policy na lumalabas na aktibo sa sistema ng administrasyon ng LICS, maaari mong wakasan ang Class Policy na iyon at mag-claim ng cash payment. Ang formula para sa pagtukoy sa halaga ng pagbabayad na ito ay makikita sa ilalim ng Tanong 10 sa ibaba.</p> <p>Sa pagpapasya kung gagawa ka ng claim sa isang Class Policy na may aktibong katayuan, dapat mong ihambing ang: (1) isang pagtatantya ng potensyal na cash payment kung pipiliin mo ang Active Policy Relief sa (2) cash surrender value ng iyong policy. Makakakuha ka ng pagtatantya ng pagbabayad ng Active Policy Relief na magagamit mo sa ilalim ng Settlement at ang iyong cash surrender value sa pamamagitan ng paglalagay ng Unique ID, na makikita sa claim form na kasama ng abisong ito, sa settlement website www.PFAsettlement.com. Maaari mo ring tawagan ang Claims Administrator nang walang bayad sa 1-888-493-4559, magpadala ng e-mail sa info@PFAsettlement.com, o sumulat sa <i>In re PFA Insurance Marketing Litigation</i>, c/o Epiq Class Action & Claims Solutions, Inc., PO Box 2509, Portland, OR 97208-2509.</p> <p>Upang makatanggap ng pagbabayad ng Active Policy Relief, kailangan mong kumpletuhin at isumite ang isang Claim Form, na kasama ng sulat na ito. Hindi mo kailangang magbayad ng mga bayad sa abogado para makasali sa settlement.</p> <p>Ang Active Policy Relief ay magiging sanhi ng pagwawakas ng Class Policy, kaya hindi ka makakatanggap ng anumang mga benepisyo maliban sa cash payment sa ilalim ng Settlement.</p>
<p>MGA PAGBABAGO SA NEGOSYO NG PFA</p>	<p>Kung inaprubahan ng Korte ang Settlement, ipapatupad ng PFA ang ilang partikular na pagbabago sa negosyo, na itinatakda sa Appendix A sa Stipulation of Settlement. Hindi mo kailangang magsumite ng Claim Form para magkabisa ang mga pagbabagong ito.</p>
<p>HUWAG ISAMA ANG IYONG SARILI</p>	<p>Maaari mong hindi isama ang iyong sarili sa Settlement. Kung hindi mo isasama ang iyong sarili, hindi ka makakatanggap ng mga benepisyo ng settlement. Ang hindi pagsasama ng iyong sarili ang tanging opsyon na nagbibigay-daan sa iyong maging bahagi ng anumang iba pang demanda laban sa PFA o LICS tungkol sa mga claim at legal na isyu sa Action. Ang lahat ng kahilingan na hindi pagsasama ay dapat ipadala sa pamamagitan ng koreo ng U.S. sa address na nakalista sa ibaba sa Tanong 16, na may tatak ng koreo na hindi lalampas sa Oktubre 19, 2023.</p>

PAGTUTOL SA SETTLEMENT	<p>Kung isasama mo ang iyong sarili at nais mong tumutol sa Settlement, maaari kang sumulat sa Korte. Ang lahat ng pagtutol ay dapat na ihain sa elektronikong paraan o isumite sa pamamagitan ng koreo ng U.S. sa address na nakalista sa ibaba sa Tanong 22, na may tatak ng koreo na hindi lalampas sa Oktubre 19, 2023. Kung magsusumite ka ng nakasulat na pagtutol, isasaalang-alang ito ng Korte sa pagpapasya kung aaprubahan ang Settlement.</p>
PAGSASALITA SA SETTLEMENT HEARING	<p>Maaari mo ring hilingin na magsalita sa Korte tungkol sa Settlement sa Settlement Hearing na itinakda para sa Enero 16, 2024, sa kondisyon na isasama mo ang iyong sarili sa Settlement at maayos at napapanahong magsumite ka ng nakasulat na pagtutol at abiso ng intensyon na humarap. (Tingnan ang Mga Tanong 22 at 26.)</p>

- Ang mga karapatan at opsyong ito—**at ang mga huling araw para gamitin ang mga ito**—ay ipinaliwanag sa Abisong ito. Para sa kumpletong paglalarawan ng mga tuntunin at kundisyon ng Settlement, dapat mong basahin ang kasunduan na tinatawag na Stipulation and Agreement of Settlement (“Stipulation of Settlement”), na inihain sa Korte at available sa sumusunod na website: www.PFAsettlement.com. Maaari ding makakuha ng kopya ng Stipulation of Settlement sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Claims Administrator sa address at toll-free na mga numero ng telepono na nakalista sa ibaba sa Tanong 28.
- Kailangan pa ring magpasya ang Korte na namamahala sa kasong ito kung aaprubahan ang Settlement. **Ang mga benepisyo sa settlement ay makukuha lamang kung aprubahan ng Korte ang Settlement.**
- **Mga tanong?** Basahin at bisitahin ang www.PFAsettlement.com.

ANG NILALAMAN NG ABISO NA ITO

PANGUNAHING IMPORMASYON	PAHINA 5
1. Bakit ko natanggap ang Abiso na ito?	
2. Tungkol saan ang Demanda na ito?	
3. Ano ang class action at sino ang kasangkot?	
4. Bakit ito isang class action?	
5. Bakit may settlement?	
SINO ANG SAKLAW NG SETTLEMENT	PAHINA 6
6. Parte ba ako ng Class na ito?	
7. May mga policyholder ba na hindi kasama sa Class?	
8. Paano kung hindi pa rin ako sigurado kung kasama ako sa Settlement?	
MGA BENEPISYO NG SETTLEMENT – ANO ANG MAKUKUHA MO	PAHINA 7
9. Anong mga benepisyo ang karaniwang ibinibigay ng Settlement?	
10. Anong pera ang makukuha, at paano ko ito makukuha?	
11. Ano ang Inactive Policy Relief?	
12. Ano ang iba pang mga benepisyo sa settlement?	
13. Kailan ko makukuha ang aking benepisyo sa settlement?	
14. Ano ang isinusuko ko para makakuha ng benepisyo sa settlement o manatili sa Class?	
HUWAG ISAMA ANG IYONG SARILI SA SETTLEMENT	PAHINA 9
15. Bakit ko hihilingin na hindi maisama?	
16. Paano ko hihilingin sa Korte na huwag akong isama sa Class?	
17. Kung hindi ko isasama ang aking sarili, maaari ba akong makakuha ng relief mula sa Settlement?	
ANG MGA ABOGADO SA DEMANDA NA ITO	PAHINA 9
18. Mayroon ba akong abogado sa kasong ito?	
19. Dapat ba akong kumuha ng ibang abogado?	
20. Paano babayaran ang mga abogado ng Lead Counsel?	
21. May mga abogado ba ang PFA at LICS sa kasong ito?	
PAGTUTOL SA SETTLEMENT	PAHINA 10
22. Paano ko sasabihin sa Korte na hindi ko gusto ang Settlement?	
23. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pagtutol at hindi pagsasama?	
ANG SETTLEMENT HEARING NG KORTE	PAHINA 11
24. Kailan at saan magdedesisyon ang Korte kung aaprubahan ang Settlement?	
25. Kailangan ko bang pumunta sa hearing?	
26. Maaari ba akong magsalita sa hearing?	
KUNG WALA KANG GAGAWIN	PAHINA 12
27. Ano ang mangyayari kung wala akong gagawin?	
PAGKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON	PAHINA 12
28. Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?	

PANGUNAHING IMPORMASYON

1. Bakit ko natanggap ang Abiso na ito?

Nakalista ka sa mga talaan ng PFA bilang isang taong nag-enroll bilang PFA associate sa pagitan ng Enero 1, 2014 at Marso 17, 2023 (ang “Class Period”), at ang iyong pangalan ay tumutugma sa pangalan ng isang tao sa mga talaan ng LICS na bumili ng isa o higit pang Living Life Policies sa loob ng California sa Class Period.

Inutusan ng Korte ang mga partido na ipadala ang Abisong ito sa iyo dahil may karapatan kang malaman ang tungkol sa Settlement at tungkol sa iyong mga karapatan at opsyon sa ilalim ng Settlement bago magpasya ang Korte kung aaprubahan ito. Ipinaliliwanag ng Abisong ito ang Demanda, ang Settlement, ang iyong mga legal na karapatan, at ang iyong mga opsyon.

Ang Korte na namamahala sa kaso ay ang United States District Court for the Northern District ng California sa Oakland, California, at ang kaso ay *In re PFA Insurance Marketing Litigation*, No. 4:18-CV-03771-YGR. Si Judge Yvonne Gonzalez Rogers ang namamahala sa kaso.

Kung aaprubahan ng Korte ang Settlement, ibibigay ng PFA at LICS ang mga benepisyo sa settlement na napagkasunduan sa Settlement.

2. Tungkol saan ang Demandang ito?

Kasama sa Demandang ito ang mga gawain sa recruitment ng PFA at ang pagbebenta ng ilang partikular na life insurance policy na inisyu ng LICS, na kilala bilang Living Life policy at ang Living Life by Design policy, na indexed universal life insurance policies. Inihain ng mga nagsasakdal ang Demanda laban sa PFA at LICS sa ilalim ng Unfair Competition Law ng California, na nagpapatang na ang PFA at LICS ay nagpapakatibo ng endless chain scheme na lumalabag sa Endless Chain Law ng California, California Penal Code § 327. Partikular, ipinararatang ng mga nagsasakdal na ang mga indibidwal ay na-recruit upang maging „mga associate“ ng PFA at bumili ng Living Life Policy sa pamamagitan ng mga pagpapahayagna nagsasaad na ang pagbili ng isang policy ay tutulong sa kanila na umabante sa hierarchy ng PFA at makamit ang tagumpay at personal na kayamanan. Sinasabi ng mga nagsasakdal na hindi sana sila sumali sa PFA o bumili ng Living Life Policy kung alam nila ang tungkol sa kanilang tunay na pagkakataong magtagumpay sa PFA. Sinasabi ng mga nagsasakdal na ang mga pagkilos na ito ay lumabag sa Unfair Competition Law ng California at nagbibigay sa Class ng karapatan sa relief.

Kinokontra ng PFA at LICS ang lahat ng paratang na ito at itinatangi nila na may nagawa silang mali. Iginiit ng PFA at LICS na hindi nila nilabag ang Unfair Competition Law, na ang mga Nagsasakdal at Class Member ay hindi nalantad sa anumang mga hindi totoong pagpapahayag tungkol sa Living Life Policies o sa kanilang mga inaasahang pinansiyal na tagumpay at pag-unlad sa loob ng PFA, at ang PFA at LICS ay hindi nagpapakatibo ng endless chain scheme na lumalabag sa Endless Chain Law ng California.

3. Ano ang class action at sino ang kasangkot?

Sa isang demanda ng class action, isa o higit pang tao, na tinatawag na Class Representatives (sa kasong ito si Dalton Chen), ang magdedemanda sa ngalan ng mga tao (tinatawag na „Class Members“) na may katulad na mga claim. Ang Class Representative na nagdemanda—at lahat ng Class Member na katulad niya—ay tinatawag na mga Nagsasakdal. Ang mga kumpanyang kanilang idinemanda (sa kasong ito ay PFA at LICS) ay tinatawag na mga Nasasakdal. Nireresolba ng isang hukuman ang mga isyu para sa lahat ng Class Member, maliban sa mga miyembrong humiling na hindi maisama sa Class.

4. Bakit ito isang class action?

Napagpasyahan ng Korte na ang Demandang ito ay maaaring isang class action dahil natutugunan nito ang mga hinihingi ng Federal Rule of Civil Procedure 23, na umiiral sa mga class action sa mga korteng pederal.

5. Bakit may settlement?

Hindi nagpasya ang Korte nang pabor sa mga Nagsasakdal o sa mga Nasasakdal. Sa halip, nagkasundo ang magkabilang panig sa isang settlement bago napunta ang kaso sa paglilitis. Naniniwala ang Class Representative at ang kanyang mga abogado na ang Settlement ay para sa pinakamabuting kapakanan ng mga Class Member.

SINO ANG SAKLAW NG SETTLEMENT

Para malaman kung makakakuha ka ng benepisyo ng settlement mula sa Settlement na ito, kailangan mo munang alamin kung miyembro ka ng Class.

6. Parte ba ako ng Class na ito?

Binubuo ang Class ng lahat ng tao na naka-enroll bilang PFA associates sa pagitan ng Enero 1, 2014 at Marso 17, 2023 at bumili ng isa o higit pang mga Living Life o Living Life by Design policy sa California sa pagitan ng Enero 1, 2014 at Marso 17, 2023, maliban sa mga tao na hindi naisama (tingnan ang Tanong 7 sa ibaba).

Ang Living Life o Living Life by Design policy na binili ng isang Class Member ay tinutukoy sa Abisong ito bilang ang "Class Policy". Kung nagmamay-ari ka ng maraming Class Policy, nalalapat ang mga tuntunin ng Settlement sa bawat policy.

7. May mga policyholder ba na hindi kasama sa Class?

Ang mga sumusunod na tao ay hindi kasama sa Class: (a) lahat ng indibidwal na umabot sa antas ng Provisional Field Director, Qualified Field Director, Senior Field Director, Regional Field Director, Area Field Director, National Field Director, Executive Field Director, o Senior Executive Field Director sa PFA; (b) ang mga opisyal ng hudikatura kung kanino itinalaga ang kasong ito at ang kanilang mga malapit na miyembro ng pamilya at kawani; (c) PFA at LICs, kanilang mga magulang, kaanib, subsidiary, legal na kinatawan, sinundan, kahalili, itinalaga, empleyado, at anumang entity kung saan ang isa sa mga Nasasakdal na ito ay may kumokontrol ng pakinabang o may nagkokontrol na pakinabang sa isa sa mga Nasasakdal na ito; (d) Jack Wu, Aggie Wu, Rex Wu, Hermie Bacus, Bill Hong, Lan Zhang, at ang kanilang mga legal na kinatawan, mga kahalili, itinalaga, at mga malapit na miyembro ng pamilya; (e) sinumang tao na naunang nagpalaya sa sinumang Nasasakdal ukol sa anumang Released Claim (tulad ng tinukoy sa Stipulation of Settlement); at (f) sinumang tao na magsusumite ng wastong kahilingan na hindi maisama sa Class alinsunod sa Stipulation of Settlement.

Bukod pa rito, ang Living Life Policies na nabibilang sa isa sa mga sumusunod na kategorya ay hindi kasama sa Class Policies: (a) Living Life Policies kung saan ang nakaseguro ay namatay na; (b) Living Life Policies kung saan ang claim para sa death benefit ay ginawa o binayaran bago ang Stipulation Date; (c) Living Life Policies na binawi o hindi kinuha bago ang Stipulation Date; (d) Living Life Policies kung saan ang full election o partial election ng anumang benepisyo sa ilalim ng Accelerated Benefits Rider ay ginawa o binayaran bago ang Stipulation Date; at (e) Living Life Policies na ibinenta o itinalaga sa isang hindi Class Member bago ang Stipulation Date.

8. Paano kung hindi pa rin ako sigurado kung kasama ako sa Settlement?

Kung hindi ka pa rin sigurado kung kasama ka sa Settlement, maaari kang humingi ng libreng tulong. Maaari kang tumawag sa Claims Administrator, Epiq Class Action & Claims Solutions, Inc., toll-free sa 888-493-4559, o sumulat sa *In re PFA Insurance Marketing Litigation*, c/o Epiq Class Action & Claims Solutions, Inc., PO Box 2509, Portland, OR 97208-2509.

Maaari ka ring makipag-ugnayan kay Daniel Girard, Lead Counsel para sa Class, sa pamamagitan ng telepono (415-981-4800), email (pfasettlement@girardsharp.com), o U.S. mail (Girard Sharp LLP, 601 California Street, Suite 1400, San Francisco, CA 94108).

MGA BENEFISYO NG SETTLEMENT – ANO ANG MAKUKUHA MO

9. Anong mga benepisyo ang karaniwang ibinibigay ng Settlement?

Natukoy ka bilang isang aktibong (kasalukuyang) policyholder na maaaring Class Member.

Kung maghahain ka ng claim, maaari kang makatanggap ng pagbabalik ng isang bahagi ng mga premium na binayaran mo para sa iyong Class Policy. Ang halagang matatanggap mo ay depende sa katayuan (hindi aktibo o aktibo) ng iyong Class Policy, ang kabuuang mga premium na iyong binayaran, at iba pang mga kadahilanan, tulad ng ipinaliwanag sa ibaba.

Kung maghahain ka ng claim at aktibo ang iyong policy, magwawakas ang iyong policy. Hindi ka makatanggap ng anumang benepisyo sa policy, kabilang ang death benefit at cash value ng iyong policy. Maaari kang makatanggap ng isang pagbabayad para sa bawat Class Policy.

Hindi mo kailangang magbayad ng abogado para lumahok sa Settlement. Hiwalay na babayaran ng mga nasasakdal ang mga bayarin at gastos sa mga abogado ng Lead Counsel at ang mga gastos sa pangangasiwa ng settlement na nauugnay sa Settlement. Ang mga halagang ito ay dapat aprubahan ng Korte.

Sumang-ayon din ang PFA bilang bahagi ng Settlement na ipatupad ang ilang partikular na pagbabago sa negosyo, gaya ng itinakda sa Appendix A sa Stipulation of Settlement.

Ang mga pagbabayad ay hindi magiging available sa sinumang Class Member na hindi maghahain ng claim, hindi isasama ang kanyang sarili sa Settlement, o kung ang Korte ay hindi magbibigay ng pinal na pag-apruba sa Settlement.

10. Anong pera ang makukuha, at paano ko ito makukuha?

Kung nagmamay-ari ka ng Class Policy na may aktibong katayuan sa sistema ng pangangasiwa ng LICS mula sa petsa na nakalkula ang cash na bahagi ng settlement, maaari mong piliing wakasan ang iyong Class Policy at mag-claim ng cash payment (“Active Policy Relief”).

Nakatanggap ka ng Claim Form kasama ng abisong ito. Para mag-claim ng bayad, dapat kang magsumite sa Claims Administrator, nang hindi lalampas sa Oktubre 19, 2023 ng nakumpletong Claim Form. Tatapusin ng LICS ang iyong Active Class Policy at kakalkulahin ang anumang pagbabayad sa iyo batay sa mga tala nito ng iyong policy. Ang Claims Administrator ay gagawa ng direktang deposito sa iyong bank account o bibigyan ka ng tseke, depende sa iyong kagustuhan.

Dapat mo lang piliin ang Active Policy Relief kung gusto mong wakasan ang iyong Class Policy, dahil hindi ka na makatanggap ng anumang benepisyo sa ilalim ng Class Policy. Kasama sa mga benepisyong ito ang death benefit o ang cash surrender value ng Class Policy. Pakitandaan na, para sa ilang Class Policies, ang cash payment na makukuha bilang bahagi ng Active Policy Relief ay magiging mas mababa kaysa sa cash surrender value. Nangangahulugan ito na, para sa ilang Class Policies, ang isang Class Member na pipiling wakasan ang kanilang policy ay maaaring makatanggap ng mas kaunting pera kapag pinili ang Active Policy Relief kaysa sa pagsuko ng policy sa ilalim ng mga tuntunin nito.

Kung gusto mong wakasan ang iyong Class Policy, dapat mong ihambing ang: (i) isang pagtatantya ng cash payment na makukuha mo sa ilalim ng Settlement sa (ii) cash surrender value ng iyong policy. Maaari kang makakuha ng pagtatantya ng cash payment sa iyo sa ilalim ng Settlement at ang iyong cash surrender value sa pamamagitan ng paglalagay ng **Unique ID** na lumalabas sa iyong claim form sa settlement website www.PFAsettlement.com. Maaari mo ring tawagan ang Claims Administrator nang walang bayad sa 888-493-4559, magpadala ng e-mail sa info@PFAsettlement.com, o sumulat sa In re PFA Insurance Marketing Litigation, c/o Epiq Class Action & Claims Solutions, Inc., PO Box 2509, Portland, OR 97208-2509. Maa-access mo ang impormasyon ng iyong policy sa pamamagitan ng portal ng policyholder ng LICS sa www.nationallife.com (ang pinaka-epektibong paraan), sa pamamagitan ng pagkonsulta sa annual statement ng iyong policy (na isasama ang cash surrender value sa panahong iyon), o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong ahente ng insurance o LICS sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan na ipinapakita sa iyong statement. **Pakitandaan na ang mga halagang ito ay magbabago hanggang sa at hanggang sa petsa na ang cash na bahagi ng Settlement ay kalkulahin; anumang halaga na ibinigay nang maaga ay isang pagtatantya.**

Ang cash na bahagi ng Active Policy Relief ay kakalkulahin bilang 67 porsiyento ng sumusunod na formula: (a) ang mga premium na binayaran sa Class Policy; *minus* (b) isang expense factor na 10 porsiyento ng kabuuang mga premium na binayaran sa Class Policy; *minus* (c) ang kabuuang halaga ng mga singil sa insurance at naipon na value charges na ibinawas mula sa Class Policy; *minus* (d) ang kabuuang halaga ng hindi pa nababayaran mga policy loan at interes na dapat bayaran sa LICS sa Class Policy; *minus* (e) ang kabuuang halaga ng mga withdrawal mula sa o bahagyang pagsuko ng Class Policy; *minus* (f) ang cash surrender value ng Class Policy.

11. Ano ang Active Policy Relief?

Natukoy ka bilang isang aktibong (kasalukuyang) policyholder na maaaring Class Member. Pinapayagan din ng Settlement ang mga hindi aktibo (dating) policyholder na Class Members na mag-claim ng pagbabayad. Ito ay tinatawag na Active Policy Relief.

Kung gagawa ka ng valid claim, ngunit ang iyong Class Policy ay lipas na o isinuko bago ang Relief Calculation Date, ituturing na hindi aktibo ang iyong policy at makakatanggap ka ng Active Policy Relief.

Kung mayroon kang hindi aktibong Class Policy at gusto mong alamin ang higit pa tungkol sa Active Policy Relief na available sa ilalim ng Settlement, mangyaring bisitahin ang Settlement website (www.PFAsettlement.com).

12. Ano ang iba pang mga benepisyo sa settlement?

Iniaatas ng Settlement na magpatupad ang PFA ng ilang partikular na pagbabago sa negosyo. Karaniwan, iniaatas ng mga pagbabagong ito na magpanatili ang PFA ng mga talaan ng mga aprubadong materyales sa marketing, gawing available ang ilang partikular na impormasyon sa website ng PFA at sa mga associate ng PFA, at umiwas sa ilang partikular na gawain sa negosyo na kinukuwestiyon ng mga nagsasakdal sa demanda. Para sa kumpletong impormasyon, tingnan ang Appendix A sa Stipulation of Settlement, na maaaring tingnan sa website ng settlement, sa www.PFAsettlement.com.

13. Kailan ko makukuha ang aking benepisyo sa settlement?

Nakatakdang magsagawa ang Korte ng hearing sa Enero 16, 2024, na tinatawag na Settlement Hearing, upang ipasya kung aaprubahan ang Settlement. Kung aprubahan ng Korte ang Settlement, wawakasan ng LICS ang Active Class Policies ng Class Members na pumili ng Policy Relief at kalkulahin ang halaga ng pera na dapat bayaran sa Class Members na karapat-dapat sa pagbabayad.

Idedeposito ng Claims Administrator ang mga bayad o magpapadala ng mga tseke sa lahat ng Class Member na may karapatan sa pagbabayad.

Kung iapela ang pag-apruba ng Korte sa Settlement, maaaring maantala ang pamamahagi ng mga pagbabayad. Panahong ipo-post ang mga update tungkol sa katayuan ng Settlement sa www.PFAsettlement.com.

14. Ano ang isusuko ko para makakuha ng benepisyo sa settlement o manatili sa Class?

Maliban kung hindi mo isasama ang iyong sarili nang maayos, mananatili ka sa Class. Nangangahulugan ito na gagawa ka man o hindi ng isang claim, ikaw ay nakatali sa release ng Claims, tulad ng inilarawan sa Stipulation of Settlement, kung aaprubahan ang Settlement. Ibig sabihin, ikaw at ang bawat isa sa iyong mga kapamilya, tagapagmana, tagapagpatupad, katiwala, tagapangasiwa, kahalili, itinalaga, empleyado, opisyal, direktor, abogado, legal na kinatawan, accountant, insurer, reinsurer, tagapamahala, magulang, subsidiary, sangay, affiliate, mga sinundan, tagapamahala, at ahente ay magpapalaya (sumasang-ayon na hindi na magdemanda, patuloy na magdemanda, o maging bahagi ng anumang iba pang demanda), maliban kung ipinagbabawal ng batas, sa anuman at lahat ng Claims at Unknown Claims (tulad ng tinukoy sa Stipulation of Settlement) na nauugnay sa anumang paraan, direkta o hindi direkta, sa: (i) kung ang PFA o LICS ay gumagana bilang endless chain, pyramid scheme, o katulad na legal na ipinagbabawal na istraktura; (ii) negosyo o modelo ng negosyo ng PFA o LICS, (iii) anumang pagsisiwalat o pagtanggap na nauugnay sa PFA o LICS, at/o (iv) pagtitinda o pagbebenta ng anumang Living Life Policies.

Ang Release Parties, nang sama-sama at indibidwal, ay ituturing at dapat ituring na magpakailanmang pinalaya, binitawan, at pinaalis ang lahat ng Release Parties, sama-sama at indibidwal, kaugnay ng Released Claims at permanenteng hinahadlangan at inuutusan mula sa paggigiit, pagsisimula, pag-uusig, pagpapasimula, pagtulong, pag-uudyok, o sa anumang paraan pakikilahok sa pagsisimula o pag-uusig ng anumang aksyon o iba pang paglilitis, sa anumang forum, na naggigiit ng anumang Released Claim, sa anumang kapasidad, laban sa alinman sa Release Parties. Nangangahulugan din ito na ang lahat ng utos ng Korte sa Demandang ito, anuman ang iniaatas ng mga ito, ay ilalapat sa iyo at legal na magbibigkis sa iyo, kahit na tumutol ka sa Settlement.

Mangyaring sumangguni sa Stipulation of Settlement para sa buong tuntunin ng release, kasama ang mga kahulugan ng mga terminong naka-capitalize sa sagot na ito sa Tanong 14.

HUWAG ISAMA ANG IYONG SARILI SA SETTLEMENT

Kung kabilang ka sa kahulugan ng Class, kailangan mong magpasya kung mananatili sa Class o hilingin na hindi maisama sa Class. Kung magpasya kang hindi isama ang iyong sarili, dapat kang magpadala ng nakasulat na kahilingan na huwag isama ang iyong sarili na may tatak ng koreo na hindi lalampas sa **Oktubre 19, 2023**.

15. Bakit ko hihilingin na hindi maisama?

Ang Class Members na hindi nagsasama ng kanilang mga sarili ay hindi nakatali sa release ng Claims, tulad ng inilarawan sa sagot sa Tanong 14 sa itaas at sa Stipulation of Settlement, at hindi makakatanggap ng anumang mga benepisyo sa settlement.

Kung mayroon ka nang sariling demanda laban sa PFA o LICS batay sa mga isyung iniharap sa Demandang ito at gusto mong ipagpatuloy ang sarili mong demanda, dapat mong hilingin na hindi maisama sa Class.

Kung magsisimula ka ng sarili mong demanda laban sa PFA o LICS pagkatapos mong hindi isama ang iyong sarili, kailangan mong patunayan ang iyong mga paratang. Kung balak mong magsampa ng iyong sariling indibidwal na demanda laban sa PFA o LICS, dapat kang kumunsulta kaagad sa isang abogado, dahil ang paglipas ng panahon ay nakakaapekto sa iyong mga karapatan.

16. Paano ko hihilingin sa Korte na huwag akong isama sa Class?

Upang hilingin na hindi maisama, magpadala ng abiso nang nakasulat sa *In re PFA Insurance Marketing Litigation*, c/o Epiq Class Action & Claims Solutions, Inc., PO Box 2509, Portland, OR 97208-2509. Walang kinakailangang form—maaari kang magpadala ng liham, o anumang iba pang sulat na nagsasaad na nais mong hindi maisama. Pakitiyak na ilagay ang iyong pangalan, address, (mga) numero ng policy, lagda, at isang pahayag na nais mong hindi maisama sa Class sa *In re PFA Insurance Marketing Litigation*, No. 4:18-CV-03771-YGR. Ang isang kahilingan para hindi maisama ay hindi magiging epektibo maliban kung malinaw na nakasulat dito ang kinakailangang impormasyon. Ang iyong kahilingang hindi maisama ay dapat na may tatak ng koreo bago ang **Oktubre 19, 2023**, sa pinakahuli. Kung hindi ka magpapadala ng abiso na may tatak ng koreo bago ang **Oktubre 19, 2023**, isasama ka sa Class. Hindi mo puwedeng gawin ang hindi pagsasama ng iyong sarili sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng e-mail.

17. Kung hindi ko isasama ang aking sarili, maaari ba akong makakuha ng relief sa Settlement?

Hindi. Kung hindi mo isasama ang iyong sarili, huwag magpadala ng isang Claim Form na humihingi ng anumang relief sa settlement dahil hindi ka magiging karapat-dapat sa anumang mga benepisyo mula sa Settlement na ito.

ANG MGA ABOGADO SA DEMANDA NA ITO

18. Mayroon ba akong abogado sa kasong ito?

Oo. Itinalaga ng Korte ang law firm ng Girard Sharp LLP (“Lead Counsel”) para kumatawan sa iyo at sa lahat ng Class Member. Ang impormasyon tungkol sa Lead Counsel ay makikita sa pamamagitan ng pagbisita sa website na nakalista sa ibaba:

Girard Sharp LLP
www.girardsharp.com
Daniel C. Girard
601 California Street, Suite 1400
San Francisco, California 94108
(415) 981-4800
pfasettlement@girardsharp.com

Hindi ka sisingilin para sa mga abogadong ito. Kung gusto mong katawanin ka ng sarili mong abogado, maaari kang kumuha ng isa sa sarili mong gastos.

19. Dapat ba akong kumuha ng ibang abogado?

Ang Lead Counsel ay nagtatrabaho sa ngalan mo at sa ngalan ng lahat ng Class Members. Kung gusto mo ng sarili mong abogado, kailangan mong kunin at bayaran ang abogadong iyon.

20. Paano babayaran ang mga abogado ng Lead Counsel?

Ang Lead Counsel ay hindi binayaran para sa kanilang trabaho sa kasong ito. Hihilingin ng Lead Counsel sa Korte ang paggawad ng mga bayad at gastos sa mga abogado sa pinagsama-samang \$6,371,000. Ang Korte ang magpapasya sa halaga ng mga bayad at gastos sa abogado na igagawad sa Lead Counsel. Hihilingin din ng Lead Counsel sa Korte na igawad ang bayad na \$10,000 sa Class Representative. Maaaring mas mababa ang ibibigay Korte kaysa sa mga halagang ito. Babayaran ng PFA at LICS ang mga bayarin at gastos sa mga abogado, at anumang pagbabayad sa Class Representative, na iginagawad ng Korte, hanggang sa mga halagang ito. Ang mga halagang ito ay hindi manggagaling sa pera na ibabayad sa Class Members.

21. May mga abogado ba ang PFA at LICS sa kasong ito?

Oo. Ang PFA at LICS ay kinakatawan din ng abogado. Ang counsel ng PFA at LICS ay hindi kumakatawan sa iyo o sa sinumang iba pang Class Member.

PAGTUTOL SA SETTLEMENT

Maaari mong sabihin sa Korte na hindi ka sumasang-ayon sa Settlement o isang bahagi nito.

22. Paano ko sasabihin sa Korte na hindi ko gusto ang Settlement?

Maaari mong hilingin sa Korte na tanggihan ang pag-apruba sa Settlement sa pamamagitan ng paghahain ng pagtutol. Hindi mo maaaring hilingin sa Korte na mag-utos ng ibang settlement; maaari lamang aprubahan o tanggihan ng Korte ang settlement. Kung tatanggihan ng Korte ang pag-apruba, walang ipadadalang pagbabayad ng settlement, at magpapatuloy ang demanda. Kung iyon ang gusto mong mangyari, dapat kang tumutol.

Ang anumang pagtutol sa iminungkahing settlement ay dapat nakasulat. Kung maghahain ka ng napapanahong nakasulat na pagtutol, maaari kang humarap, ngunit hindi kinakailangan, sa Settlement Hearing, nang personal o sa pamamagitan ng sarili mong abogado. Kung haharap ka sa pamamagitan ng sarili mong abogado, responsable ka sa pagkuha at pagbabayad sa abogadong iyon. Ang lahat ng nakasulat na pagtutol at mga sumusuportang papel ay dapat (a) malinaw na tukuyin ang pangalan at numero ng kaso (*In re PFA Insurance Marketing Litigation*, No. 4:18-CV-03771-YGR), (b) isumite sa Korte alinman sa pamamagitan ng paghahain sa mga ito sa elektronikong paraan o nang personal sa alinmang lokasyon ng United States District Court for the Northern District of California o sa pamamagitan ng pagpapakoreo sa mga ito sa Class Action Clerk, United States District Court for Northern District of California, Oakland Division, Ronald V. Dellums Federal Building and United States Courthouse, 1301 Clay Street, Suite 400 S, Oakland, CA 94612, at (c) ihain o matatakan sa koreo sa o bago **Oktubre 19, 2023**.

Dapat kasama sa iyong nakasulat na pagtutol ang iyong pangalan, address, (mga) numero ng policy, at lagda; isang pahayag na naka-enroll ka bilang PFA associate, nagbayad ng \$125 na bayarin na nauugnay sa pagpapatala na iyon, bumili ng Living Life o Living Life by Design indexed universal life insurance policy sa California sa pagitan ng Enero 1, 2014 at Marso 17, 2023, at hindi umabot sa antas ng Provisional Field Director, Qualified Field Director,

Senior Field Director, Regional Field Director, Area Field Director, National Field Director, Executive Field Director, o Senior Executive Field Director sa PFA; ang (mga) dahilan kung bakit ka tumutol sa Settlement; isang pahayag kung ang pagtutol ay nalalapat lamang sa iyo, sa isang partikular na subset ng Class, o sa buong Class; at anumang mga dokumento o awtoridad na nais mong isumite bilang suporta sa iyong posisyon.

Kung kumonsulta ka sa isang abogado para sa layuning pagtutol sa anumang aspeto ng Settlement, dapat maghain ang abogado ng entry of appearance sa Clerk of the Court nang hindi lalampas sa **Oktubre 19, 2023**.

23. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pagtutol at hindi pagsama?

Ang *pagtutol* ay pagsasabi sa Korte na may hindi ka gusto tungkol sa Settlement, habang nananatiling bahagi ng Settlement. Maaari ka lamang tumutol kung mananatili ka sa Class. Ang *hindi pagsasama sa iyong sarili* ay pagsasabi sa Korte na hindi mo gustong maging bahagi ng Class at ng Settlement. Kung hindi mo isasama ang iyong sarili, hindi ka maaaring tumutol dahil hindi ka na naapektuhan ng kaso.

ANG SETTLEMENT HEARING NG KORTE

Magsasagawa ang Korte ng hearing upang ipasya kung aaprubahan ang Settlement. Maaari kang dumalo at maaari mong hilinging magsalita ka sa pamamagitan ng pagsunod sa prosesong inilarawan sa ibaba, ngunit hindi ka obligadong dumalo o magsalita.

24. Kailan at saan magdedesisyon ang Korte kung aaprubahan ang Settlement?

Nakatakdang magsagawa ng Settlement Hearing ang Korte sa Enero 16, 2024, sa 2:00 PM sa United States District Court for the Northern District of California, Oakland Division, Ronald V. Dellums Federal Building and United States Courthouse, 1301 Clay Street, Courtroom 1 – 4th Floor, Oakland, CA 94612. Maaaring isagawa ng Korte ang Settlement Hearing sa pamamagitan ng telepono o sa iba pang virtual na paraan. Sa hearing na ito, isasaalang-alang ng Korte kung ang Settlement ay patas, makatwiran, at sapat. Kung may mga pagtutol, isasaalang-alang ng Korte ang mga ito. Maaaring makinig si Judge Gonzalez Rogers sa mga tao na, bago ang hearing, ay maayos at napapanahong hiniling sa pamamagitan ng sulat na magsalita sa hearing, gaya ng inilarawan sa Tanong 26 ng Abisong ito. Isasaalang-alang din ng Korte sa Settlement Hearing kung magkano ang babayaran sa Lead Counsel at ang halaga ng anumang bayad sa Class Representative.

25. Kailangan ko bang pumunta sa hearing?

Hindi. Maaari kang dumalo sa hearing kung nais mo, ngunit sasagutin ng Lead Counsel ang mga maaaring itanong ni Judge Gonzalez Rogers. Maaari mo ring bayaran ang sarili mong abogado para dumalo sa hearing kung pipiliin mo. Kung magsusumite ka ng nakasulat na pagtutol, hindi mo kailangang pumunta sa Korte para pag-usapan ito at hindi mo kailangang magpadala ng sarili mong abogado. Hangga't maayos mong isumite ang iyong nakasulat na pagtutol at ito ay natatakan sa koreo sa takdang oras, isasaalang-alang ito ng Korte.

Mangyaring tandaan na maaaring baguhin ng Korte ang petsa o oras ng Settlement Hearing nang walang karagdagang abiso sa Class Members. Kung ikaw o ang iyong abogado ay nagnanais na humarap sa Settlement Hearing, tingnan nang maaga ang website ng hukuman.

Hindi kailangang humarap ang Class Members sa hearing o gumawa ng anumang iba pang aksyon upang ipahiwatig ang kanilang pag-apruba sa mga bagay na isinasaalang-alang sa hearing.

26. Maaari ba akong magsalita sa hearing?

Maaari kang humingi ng pahintulot sa Korte na magsalita sa Settlement Hearing. Upang gawin ito, kailangan mong gawin ang dalawang bagay. Una, dapat kang tumutol sa Settlement alinsunod sa mga pamamaraang inilarawan sa itaas sa ilalim ng Tanong 22. Pangalawa, kailangan mong magpadala ng liham na nagsasaad na ito ang iyong “Abiso ng Intensyon na Humarap sa *In re PFA Insurance Marketing Litigation*”. Dapat mong isama ang iyong pangalan, address, at iyong lagda sa iyong Abiso ng Intensyon na Humarap. Ang iyong Abiso ng Intensyon na Humarap ay dapat isumite sa Korte alinman sa pamamagitan ng paghahain sa elektronikong paraan o nang personal sa alinmang

lokasyon ng United States District Court for the Northern District ng California o sa pamamagitan ng pagpapadala nito sa Clerk of Court, United States District Court for the Northern District of California, sa address na nakalista sa ilalim ng Tanong 22, at dapat na ihain sa elektronikong paraan o matatakan sa koreo nang hindi lalampas sa **Oktubre 19, 2023**. Hindi ka maaaring magsalita sa hearing kung hindi mo susundin ang mga pamamaraang ito, o kung hindi mo isasama ang iyong sarili.

KUNG WALA KANG GAGAWIN

Sa pamamagitan ng hindi paggawa ng anuman bilang tugon sa Abisong ito, mananatili ka sa Class.

27. Ano ang mangyayari kung wala akong gagawin?

Matatali ka sa releasase ng Claims, tulad ng inilarawan sa Stipulation of Settlement, kung aaprubahan ang Settlement.

Kalakip ng Abisong ito ang isang Claim Form na dapat mong kumpletuhin at isumite sa Claims Administrator bago **Oktubre 19, 2023**, para makatanggap ng bayad. Maaaring tanggihan ang iyong claim kung mabigo kang magsumite ng kumpleto at tumpak na Claim Form sa takdang oras.

PAGKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON

28. Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Settlement, maaari mong:

- Bisitahin ang settlement informational website sa www.PFAsettlement.com, kung saan makakahanap ka ng mga kopya ng Stipulation of Settlement, Claim Form, at iba pang impormasyon tungkol sa Settlement at sa Demanda.
- Tumawag sa 1-888-493-4559 (walang bayad);
- Magpadala ng e-mail sa info@PFAsettlement.com o sumulat sa In re PFA Insurance Marketing Litigation, c/o Epiq Class Action & Claims Solutions, Inc., PO Box 2509, Portland, OR 97208-2509; o
- Makipag-ugnayan sa Lead Counsel sa pamamagitan ng telepono (415-981-4800), email (pfasettlement@girardsharp.com), o US mail (Girard Sharp LLP, 601 California Street, Suite 1400, San Francisco, CA 94108).

Mangyaring huwag makipag-ugnayan sa Korte o sa Opisina ng Clerk of Court.